

# Ang Sakramento ng Banal na Binyag

---



## **PAUNANG SALITA**

Bilang tugon sa matinding pangangailangan, kaya ang kasalukuyang aklat ay binuo. Dahil sa pagnanais ng klerigo at ng mga mananampalataya ng ating Archdiocese na magkaroon ng mas buo at mayamang paglilingkod ang Orthodox at ang pagnanais ng klerigo at ng mananampalataya na magkaroon ng aklat ng paglilingkod na madaling sundan, ay binuo namin ang BANAL NA BINYAG, ang aklat ng paglilingkod na gagamitin sa simbahan ng Antiochian Orthodox sa Australia at New Zealand. Ang nilalaman nito ay umaayon sa kasalukuyang ginagawa sa simbahan ng Australia.

Ang wikang English ay ipinaris sa original na wikang Arabo.

Ang aklat ng paglilingkod, BANAL NA BINYAG ay pinagtitibay at may pahintulot gamitin ng klerigo at mga mananampalataya sa ating Antiochian Archdiocese.

**PAUL SALIBA**

Lagda

Metropolitan Archbishop Paul Saliba  
Primate of the Antiochian Orthodox Christian  
Archdiocese  
of Australia and New Zealand

# **Ang Sakramento ng Banal na Binyag**


## **Panalangin sa Pagtanggap ng Bibinyagan**

*Kung ang bibinyagan ay isang sanggol, aalisin ang kanyang damit at siya ay babalutin sa iisan lamang (pangkaraniwan ay magandang tuwalya).*

*Ang Ninong, habang hawak ang sanggol na ang ulo ay naka patong sa kanyang kanang kamay, ay haharap sa Altar (sa Silangan).*

*Ang Pari ay hihingahan ng tatlong ulit ang mukha ng binibinyagan habang iginagawad ang Tanda ng Krus ng tatlong ulit sa noo at sa dibdib ng sanggol, habang binabangit ang:*

**“Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.”**



*Pagkatapos, ang Pari ay ipapatong ang kamay sa ulo ng Sanggol at itutuloy:*

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa Ka.

**Pari: Sa Ngalan Mo, O Panginoong Diyos ng Katotohanan, at sa Ngalan ng kaisa-isa Mong Anak, at ng Iyong Espiritu Santo, ipinapatong ko ang aking kamay sa iyong lingkod o (mga lingkod) pangalan na naging karapat-dapat na lumapit sa iyong Banal na Pangalan, at magkubli sa ilalim ng iyong pananggol na pakpak.**

**Tanggalin mula sa kanya (kanila) at ilayo siya (sila) sa dating kahibangan, at punuin siya (sila) ng pananampalataya, pag-asa at pag-ibig na nasa sa Iyo; upang malaman niya (nila) na Ikaw lamang ang tunay na Diyos kasama ang iyong**

**bugtong na Anak, ang ating Panginoong JesuCristo, at ang Iyong Espiritu Santo.**

**Gawin siyang (silang) sumusunod sa lahat ng iyong utos, at magawa niya (nila) ang mga bagay na kasiya-siya sa Iyo; dahil kapag ginagawa ng tao ang mga bagay na ito, siya ay makatatagpo ng buhay dito.**

**Itala mo siya (sila) sa iyong Aklat ng Buhay, at isama mo siya (sila) sa kawan ng iyong pamamanahan. Nawa ang iyong banal na pangalan ay lumuwalhati sa kanya (kanila), kasama ang iyong mahal na Anak, ang ating Panginoon Jesu Cristo, at kasama ang iyong nagbibigay-buhay na Espiritu.**

**Pabayaang ang mata mo ay palagian siyang (silang) makita ng mayroong awa, at ang iyong pandinig ay pakingan ang tinig ng kanyang (kanilang) panalangin.**

**Gawing natutuwa siya (sila) sa gawa ng kanyang (kanilang) mga kamay, at sa lahat ng kanyang angkan; na bigyan ka niya (nila) ng papuri, awitan ka ng pagsamba at paluwalhatiin ang iyong**

**dakila at kataas-taasang pangalan  
palagian sa buong buhay niya.**

**Dahil lahat ng kapangyarihan ng Langit  
ay umaawit ng papuri sa Iyo, at sa Iyo ang  
kaluwalhatian; Ng Ama, at ng Anak, at ng  
Espiritu Santo; ngayon at kailanman, at  
magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

## **Pagpapaalis ng Demonyo**

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa Ka.

**Pari: O Panginoon ng Hukbo, ang Diyos ng  
Israel na nagpapagaling ng lahat ng  
karamdaman at kapansanan; pagmasdan  
mo ang iyong (mga) lingkod, subukin siya  
(sila), saliksikin siya (sila), at bunuting  
lahat mula sa kanya (kanila) ang ano  
mang mayroong bahid ng diyablo.  
Pagsabihan ang mga masasamang  
espírito at palayasin sila, busilakin ang**

**gawa ng iyong mga kamay; at gamit ang iyong mabisang kapangyarihan, ay mabilis niyang (nilang) madurog si Satanas sa ilalim ng kanyang (kanilang) mga paa, at pagwagihin siya (sila) laban dito at sa masama nitong espirito; at dahil nasa kanya (kanila) ang habag, siya (sila) ay magiging karapat-dapat na tumangap ng maka-langit na Kababalaghan mula sa iyo; at kikilalanin niya (nila) ang kaluwalhatian Mo.**

**Sa Ngalan ng Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at kailanman at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

***Isang Panalangin***

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa Ka.

**Pari: O Panginoon, Ang Pinuno; Ikaw na tunay na umiiral; na lumikha ng tao sa iyong anyo, at nagbigay sa kanya ng karapatan sa buhay na walang hanggan; at hindi rin napoot sa mga nahiwalay dahil sa pagkakasala, sapagka't naglaan ka ng**

**kaligtasan para sa mundo sa pamamagitan ng Pagkakatawang Tao ng Iyong Cristo; gawin Mo, parehong Panginoon, na iligtas rin ang (mga) nilalang mong ito sa pagkakaalipin ng kaaway, at tanggapin siya (sila) sa iyong kaharian sa Langit.**

**Buksan ang kanyang (kanilang) mata ng pang-unawa para ang ilaw ng iyong Ebanghelyo ay magingning ng maliwanag sa kanya (kanila). Iugnay sa kanyang (kanilang) buhay ang isang nagliliwanag na (mga) Angel, na siyang (silang) magliligtas sa kanya (kanila) sa bawat patibong ng kaaway, sa pakikipaglaban niya (nila) sa kasamaan, sa pakikibaka sa demonyo ng katanghalian o pagkabagot, at sa masamang pangitain.**

*Ang Pari ay hihingahan ang bibig, ang noo at ang dibdib ng sanggol, habang sinasabi ang:*

**Pari: Paalisin sa kanya (kanila) ang lahat ng masasama at maruruming espirito na nagtatago at ginagawang pugad ang kanyang (kanilang) puso. (tatlong ulit)**



**Ang espirito ng pagkakamali, ang espirito ng panlalamang, ang espirito ng pagsamba sa mga idolo at espirito ng lahat ng kamunduhan; ang espirito ng panlilinlang, at lahat ng masasamang gawain na umiiral sa pamamagitan ng sulsol ng Demonyo.**

**At gawin siyang (silang) makatwirang tupa sa banal na kawan ng iyong Cristo; isang kagalang-galang na kasapi ng iyong Simbahan, isang anak ng liwanag at isang tagapagmana ng iyong Kaharian; nang dahil siya (sila) ay nabuhay ng ayon sa iyong mga utos, at pinanatili niyang (nilang) hindi nilalabag ang Tatak, at ang kanyang (kanilang) kasuotan ay napanatili niyang (nilang) walang bahid ng dungis, nawa siya (sila) ay tumanggap ng kagalakan gaya ng mga Banal sa Iyong Kaharian.**

**Sa pamamagitan ng kagandahang loob at mapagbigay, at pag-ibig sa sangkatauhan ng iyong bugtong na Anak, na kasama mong pinagpala, at ang Banal at mabuti at nagbibigay-buhay na Espirito; ngayon at kailan man, at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

*Ang Ninong na may hawak sa Sanggol na binibinyagan ay haharap sa Kanluran (patungo sa likod ng Simbahan) gayon din ang Pari.*

**Pari: Itinatakwil mo (ninyo) ba si Satanas, at lahat ng kanyang mga alagad, at lahat ng kanyang gawain, at lahat ng pakinabang mo (ninyo) sa kanya, at lahat ng kanyang pagpapalalo?**

Ninong: *(sasagot para sa sanggol)* Opo.

*(Ang tanong at sagot sa itaas ay uulitin ng tatlong beses)*

**Pari: Itinakwil mo (ninyo) na ba si satanas?**

Ninong: Opo.

*(Ang tanong at sagot sa itaas ay uulitin din ng tatlong beses)*

**Pari: Hingahan mo at duraan siya.**

*Ang Ninong na may dala sa sanggol ay haharap sa Silangan (paharap sa altar) gayon din ang Pari;*

**Pari: Isinasanib mo (ninyo) ba ang iyong sarili kay Cristo? (tatlong beses)**

Ninong: Opo.

*(Ang tanong at sagot sa itaas ay uulitin din ng tatlong beses)*

**Pari: Sumasampalataya ka ba kay (kayo) Cristo?**

Ninong: Sumasampalataya ako kay Cristo bilang Hari at Diyos.

*Ang Ninong ay dadasalin (para sa bata) ang Sumasampalataya.*

*(The Creed)*

**Ninong:** Sumasampalataya ako sa Isang Diyos, Ama na makapangyarihan sa lahat, may likha ng langit at lupa, at lahat ng bagay na nakikita at dinakikita;

At sa isang Panginoon JesuCristo, ang Bugtong na Anak na Diyos, nagmula sa Ama bago pa nagsimula ang panahon. Liwanag buhat sa Liwanag, Diyos na totoo buhat sa Diyos na totoo, inianak at hindi nilikha, kaisa sa pagka-Diyos ng Ama, na sa pamamagitan Niya ay nilikha ang lahat; na dahil sa ating lahat at sa ating kaligtasan ay nanaog mula sa langit, at nagkatawang tao sa kapangyarihan ng Espiritu Santo kay Birhen Maria, at naging Tao; ipinako sa krus dahil sa ating kaligtasan, nagpakasakit sa ilalim ng pamunuan ni Poncio Pilato; namatay at inilibing. At nabuhay sa

ikatlong araw, ayon sa kasulatan. Umakyat sa langit at nakaluklok sa kanan-kamay ng Ama. At siya'y muling darating puspos ng kaluwalhatian upang hukuman ang mga buhay at mga patay, na ang Kaharian Niya ay walang-hanggan.

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo, Panginoon at Nagbibigay-buhay, na nagmula sa Ama, na sinasamba at niluluwalhati kaisa ng Ama at ng Anak, na nagsalita sa pamamagitan ng mga Propete.

Sumasampalataya ako sa isang Iglesia, Banal, Katolika at Apostolika.

At sa isang binyag, sa kapatawaran ng mga kasalanan.

At hinihintay ko ang muling pagkabuhay ng mga patay. At ang buhay na walang-hanggan. Amen.

**Pari: Isinanib mo (ninyo) na ba ang iyong sarili kay Cristo?**

Ninong: Opo.

*(Ang tanong at sagot sa itaas ay uulitin ng din tatlong beses)*

**Pari: Yumuko ka (kayo) sa harap Niya.**

Ninong: *(yuyuko at sasabihin)* Yumuyuko ako sa harap ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo: ang Santatlo, isang diwa at hindi hati-hati.

**Pari: Banal ang Diyos na niloob na ang lahat ay maligtas, at dapat ay malaman nila ang katotohanang ito; ngayon at kailanman, at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa Ka.

**Pari: O Pinuno, Panginoong aming Diyos, tawagin ang iyong (mga) lingkod pangalan sa iyong banal na Liwanag at ipagkaloob sa kanya (kanila) ang dakilang biyaya ng Banal na Binyag. Ipagpaliban ang kanyang (kanilang) pagtanda at baguhin siya (sila) sa buhay na walang hanggan; at punuin siya (sila) ng kapangyarihan ng iyong Espiritu Santo na nasa katauhan ng iyong Cristo: na siya (sila) ay hindi na sanggol (anak) ng katawan, sa halip siya (sila) ay sanggol (anak) na nang Iyong Kaharian.**

**Sa pamamagitan ng kagandahang-loob at biyaya ng iyong Bugtong na Anak, na kasama mong pinagpala. At kasama ang ganap-na-banal at mabuti at nagbibigay-**

**buhay na Espiritu; ngayon at kailanman  
at magpasawalang- hanggan.**

Koro: Amen.

## **Ang Sakramento ng Banal na Binyag**

*Ang Pari ay papasok sa Santuwaryo at tatlong ulit na magbibigay-galang sa harap ng Altar; pagkatapos ay kukunin niya ang insensaryo at magpapausok sa Santuwaryo at sa Iconostasis, at lalabas siya at pupunta sa Pabinyagan (baptismal font) at magpapausok sa paligid nito; habang binibigkas ang sumusunod:*

**Nang Binyagan Ka sa Ilog Jordan,  
Panginoon, ang pagsamba sa Santatlo ay  
nangyaring mahayag. Dahil ang tinig ng  
Ama ang sumaksi para sa Iyo,  
pinangalanan kang Mahal na Anak, at ang  
Espiritu Santo, sa anyo ng isang kalapati,  
ay pinatotohanan ang katapatan ng tinig.  
Cristong Diyos, na nagpakita at**

nagpaliwanag sa sanlibutan, luwalhati sa  
lyo.



*Ang pari ay aangatin ang aklat ng Ebanghelyo at  
magpapahayag:*

**Pari: Purihin ang Kaharian ng Ama, at ng Anak,  
at ng Espiritu Santo; ngayon at  
kailanman, at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

### **Ang Dakilang Litanya**

**Pari: Sa kapayapaan, manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Para sa kapayapaan mula sa itaas, at para sa kaligtasan ng ating kaluluwa. Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Para sa kapayapaan ng buong mundo, para sa ikabubuti ng lahat ng mga banal na simbahan ng Diyos, at para sa pagbubuklod-buklod ng lahat, manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon , maawa ka.

**Pari: Para sa banal na Sambayanang ito, at sa mga dumalo dito na mayroong pananampalataya, paggalang at takot sa Diyos, manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.



**Pari: Para sa ating Ama at Arsobispo pangalan ; para sa kagalang-galang na mga Pari, ang mga Diyakonong lingkod ni Cristo; para sa lahat ng kaparian at mga tao; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon , maawa ka.

**Pari: Na ang tubig na ito ay maging banal sa pamamagitan ng mabisang kapangyarihan, at pananahanan ng Espiritu Santo; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na nawa ito ay pababaan ng biyaya ng pagtubos, ng basbas ng Ilog Jordan; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na nawa ay dumating sa tubig na ito ang mapaglinis na pamamaraan ng matibay na Santatlo; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na sana ay tanlawan tayo ng ilaw ng pagka-unawa at paggalang sa mga**

**magulang; sa pamamagitan ng daloy ng Espiritu Santo; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na ang tubig na ito ay maging tunay na mabisa laban sa mga patibong ng mga masasama nakikita man o hindi; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na siya (sila) na bibinyagan dito ay maging karapat-dapat sa Kaharian, hindi natutukso; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Para sa kanya (kanila), na ngayon ay magpapabinyag at para sa kaligtasan ng kanyang (kanilang) kaluluwa, manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na mapatunayan niya (nila) na siya (sila) ay sanggol (anak) ng Liwanag, at tagapagmana ng walang-hanggang**

**mabubuting bagay; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na siya (sila) ay kasali at kalahok sa pagkamatay at muling pagkabuhay ng Cristo na ating Diyos; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na maitago niya (nila) ang damit na pinagbinyagan sa kanya (kanila); at mapanatili ang sigla ng Espiritu Santo, malinis at walang dungis, hanggang sa kinatatakutang araw sa pagdating ni Cristo na ating Diyos; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na ang tubig na ito ay magsilbing panghugas patungo sa pagbabagong buhay, sa pagpapatawad ng kasalanan, at damit na pananggalang laban sa tukso; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na ang Panginoong Diyos ay pakikingan ang tinig ng ating pagsusumamo; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Na iligtas Niya siya (sila) at tayo sa lahat ng pagdurusa, galit, panganib, at pangangailangan; manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Tulungan , iligtas at kaawaan kami O Diyos, ng Iyong biyaya.**

Koro: Panginoon, maawa ka.

**Pari: Bilang pag-alala sa ating ganap-na-banal, malinis, pinaka-pinagpala at maluwalhating Ginang, ang Ina ng Diyos at palagiang Birhen Maria, kasama na ang lahat ng mga Banal; ipagkatiwala natin ang ating sarili, at ang bawat isa, at ang ating buong buhay, kay Cristo, ang ating Diyos.**

Koro: Sa Iyo po, O Panginoon.

*Pagkatapos ay bibigkasin ng Pari ng malakas ang sumusunod na panalangin.*

**Pari: Dakila Ka o Panginoon, at kahang-hanga ang iyong mga ginawa, at walang sapat na salita upang papurihan ang iyong kababalaghan.**

*(tatlong ulit bibigkasin)*

**Koro: Luwalhati sa Iyo aming Panginoon, luwalhati sa Iyo.**

**Pari: Dahil Ikaw, sa sarili mong magandang kalooban ay nilikha ang lahat ng mga bagay na dati ay wala, at sa pamamagitan ng iyong kapangyarihan, pinanindigan Mo ang paglikha, at sa pamamagitan ng Iyong maingat na pagkalinga ay inayos mo ang mundo. Nang likhain mo ang sansinukob mula sa apat na sangkap, hinati mo sa apat na panahon ang ikot ng isang taon. Sa harap mo, lahat ng kapangyarihan na mayroong katalinuhan ay nagsisipangatal.**

**Ang araw ay inaawitan Ka. Ang buwan ay lumuluwalhati sa Iyo. Ang mga tala ay nagtitipon sa harap mo. Ang liwanag ay sumusunod sa Iyo. Ang kalaliman ay natitigatig sa Iyo. Ang daloy ng tubig ay**

**nasa kapangyarihan Mo. Inilatag Mo ang kalangitan na parang isang kurtina. Inilagay mo ang lupa sa ibabaw ng tubig. Nilagyan mo ng harang na buhangin ang paligid ng karagatan. Isinaboy mo ang hangin sa buong paligid para sa paghinga.**

**Ang lahat ng Angel ay pinaglilingkuran Ka. Ang mangaawit ng mga Arkanghel ay tiklop-tuhod sa pagsamba sa Iyo. Ang mga Cherubim na maraming mata at mga Seraphim na may anim na pakpak ay nagtatakip ng mukha habang sila ay lumilipad sa paligid Mo dahil sa pangigingimi sa Iyong hindi maipaliwanag na luwalhati.**

**Na Ikaw na Diyos na hindi mailarawan at walang hanggan, nanaog sa lupa, nag-anyo na isang tagalingkod at nagkatawang-tao.**

**At dahil sa Iyong awa at pakikiramay, O Panginoon, ay hindi mo natiis na makita na ang sangkatauhan ay inaapi ng demonyo, Ikaw ay nanaog at iniligtas kami. Kinikilala namin ang Iyong biyaya. Pinupuri naming ang Iyong awa. Hindi**

**namin itinatago ang Iyong mapagmahal na gawa. Iniligtas Mo ang henerasyon namin na mayroong kamatayan. Dahil sa pagsilang Mo ay ginawa Mong banal ang sinapupunan ng birhen. Lahat ng paglikha ay nagpapatanyag sa Iyo, nagpapahayag sa Iyong sarili. Dahil, O aming Panginoon, nagpakita Ka sa lupa at namuhay kasama ng mga tao. Ginawa mong banal ang Ilog ng Jordan, pinababa Mo rito ang Iyong Espiritu Santo mula sa langit, at dinurog ang ulo ng mga dragon na nagtatago doon.**

**Dahil dito, O Hari na nagmamahal sa sangkatauhan, pumarito ngayon at gawing banal ang tubig na ito sa pamamagitan ng pananahanan dito ng Iyong Espiritu Santo.**  
*(Tatlong ulit bibigkasin ).*

**At Ipagkaloob dito ang biyaya ng pagtubos, ang basbas ng Jordan. Gawin itong bukal ng katapatan, alay sa pagpapakabanal, pagpapatawad ng mga kasalanan, lunas sa mga karamdaman, tuluyang pagkawasak ng mga demonyo; hindi kayang buwagin ng kaaway na kapangyarihan, napupuspos ng**

**kapangyarihan ng mga Angel; at gawing ang lahat ng gustong manilo ng Iyong nilalang ay itaboy ng malayo dito. Dahil kami ay nanawagan sa Iyong pangalan, o Panginoon, at ito ay nakamamangha at maluwalhati, at kahila-hilakbot sa kaaway.**

*Ang Pari ay gagawin ang tanda ng krus ng tatlong ulit sa tapat ng tubig at itutubog niya ang mga daliri ng kanyang kanang kamay at hihingahan niya ito ng tatlong ulit, at sasabihin:*

**Nawa lahat ng masamang kapangyarihan ay madurog sa ilalim ng anino ng hugis ng Iyong krus. Amen.**

*(Tatlong ulit bibigkasin)*

**Pari: At kami ay nananalangin sa Iyo, O Panginoon, na bawat maligno sa hangin na hindi nakikita ay lumayo sa amin, na walang demonyo ng kadiliman na nagtatago sa tubig na ito, na walang masamang espiritu na magtanim ng maitim na balak at paghihimagsik sa kaisipan ang lulusong sa tubig at sasanib sa kanya na ngayon ay bibinyagan. Sa halip nawa, Ikaw na Panginoon ng lahat ay ipakita na ang tubig na ito ay tubig na pantubos ng kasalanan, tubig ng**



**pagpapakabanal; paglilinis ng katawan at  
espírito, pagpapakawala sa  
pagkakagapos, pagpapatawad ng mga  
kasalanan, tanglaw ng kaluluwa,  
panghugas tungo sa pagbabagong-  
buhay, pagpapanibago ng espíto,  
kaloob na pag-ampon tungo sa pagiging  
Anak, kasuotan laban sa katiwalian, bukal  
ng buhay.**

**Dahil sa sinabi Mo, O Panginoon:  
Maghugas, maging malinis, at ilayo ang  
masasamang bagay sa inyong kaluluwa.  
Ihinandog Mo sa amin mula sa itaas ang  
bagong pagsilang sa pamamagitan ng  
tubig at ng espíto. Dahil dito, O  
Panginoon, ihayag mo ang sarili sa tubig  
na ito, at igawad, na siya (sila) na  
bibinyagan ngayon sa tubig na ito ay  
magbago, na siya (sila) ay malayo sa  
kanyang (kanilang) dating katauhan na  
masama dahil sa mapaghanap na  
katawan; na siya (sila) ay mabihisan ng  
bagong katauhan, baguhin at isunod sa  
katauhan ng may likha sa kanya (kanila);  
na matapos iilibing, sa binyag, gaya ng  
iyong pagkamatay, siya (sila) ay maaaring**

tumanggap ng muling pagkabuhay  
katulad ng sa Iyo;

at kung napanatili niya (nila) ang handog  
ng Iyong Espirito Santo, at tumaas ang  
antas ng pagpapala na natatangap niya  
(nila), siya (sila) ay maaaring tumanggap  
ng gantimpala ng dakilang pagtawag  
mula sa itaas, at maisama sa mga  
panganay na ang mga pangalan ay  
nakasulat sa langit; sa Iyo, aming Diyos  
at Panginoon JesuCristo.

Sapagkat sa Iyo nauukol ang lahat ng  
kaluwalhatian, kapangyarihan,  
karangalan, at pagsamba, kasama ang  
Iyong Ama, na nanggaling sa walang  
hanggan, at ang iyong ganap na banal, at  
mabuti, at nagbibigay-buhay na Espirito  
Santo; ngayon at kailanman, at  
magsapawalang-hanggan.


Koro: Amen.

**Pari: Sumasainyo ang kapayapaan.**

Koro: At sumaiyo ang espiritu.

**Pari: Yumuko tayo sa Panginoon.**

Koro: Sa Iyo, O Panginoon.



*Ang Pari ay hihingahan ng tatlong ulit ang munting bote na kinalalagyan ng langis, at gagawin ang Tanda ng Santa Krus ng tatlong ulit sa tapat nito at dadasalin ang sumusunod :*

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon , maawa Ka.


**Pari: O, Panginoon at Pinuno, Ang Diyos ng aming ama, na nagpadala ng iyong kalapati sa kanila na nasa arko ni Noe, dala sa tuka nito ang kapisang sanga ng oliba, ang tanda ng pagkakasundo at kaligtasan mula sa baha, ang hudyat ng hiwaga ng pagpapala; at itinalaga ang bunga ng oliba para sa kaganapan ng iyong Banal na Misterio; sa gayon ay pinuspus mo ang sumusunod sa batas ng Iyong Espiritu Santo, at ginawa mong lubos na walang kapintasan ang mga nasa ilalim ng iyong biyaya. Pagpalain rin ang banal na langis na ito, ng kapangyarihan, at pag-iral at paninirahan ng Iyong Espiritu Santo; upang ito ay maging pamahid ng katapatan, kalasag**

ng katwiran, na magpapabago ng kaluluwa at katawan, na pipigil sa lahat ng salakay ng demonyo, na magliligtas sa lahat laban sa kasamaan na mapapahiran nito sa pananampalataya o sa lahat ng kasali sa pagpapahid.

Para sa kaluwalhatian ng Iyong bugtong na Anak, at ng Iyong ganap-na-banal, mabuti, at nagbibigay-buhay na Espiritu Santo; ngayon at kailanman, at magpasawalang-hanggan.

Koro: Amen.

**Pari: Magsipaghanda!**



*Ang Pari ay magbubuhos ng kaunting langis sa tubig habang ginagawa ang Tanda ng Santa Krus at binabangit ang "Alleluia" ng tatlong ulit. Itutuloy niya ang:*

**Pari: Pinagpala ang Diyos na tumatanglaw at nagpapabanal sa bawat tao na dumarating sa mundo; ngayon at kailanman at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

*Pagkatapos ang bata ay ihaharap sa Pari. Babasain ng Pari ang kanyang daliri sa langis na nasa ibabaw ng tubig at idadampi niya ito, una, sa noo ng bata at gagawin ang Tanda ng Santa Krus, at sasabihin ang:*

**Pari: Ang lingkod ng Diyos,   pangalan ay pinapahiran ng langis ng kagalakan; sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.**

Koro: Amen.

*Susunod sa dibdib at likod, sasabihin:*

**Pari: Para sa pagpapagaling ng katawan at kaluluwa.**

*Sa mga tainga:*

**Para sa ikaririnig ng pananampalataya.**

*Sa mga kamay:*

**Ang mga kamay Mo ang gumawa at humubog sa akin.**

*Sa mga paa:*

**Nang siya ay makalakad sa landas ng Iyong utos, O Panginoon.**

*Nang matapos pahiran ng langis ang bata, ang pari ay hahawakan ng patayo ang bata, at haharap sa Silangan, at bibinyagan siya sa pamamagitan na pagtutubog sa tubig ng tatlong ulit.*

**Ang lingkod ng Diyos pangalan  
ay binibinyagan; sa Ngalan ng  
Ama, Amen.**

*Itataas ang bata at muling itutubog.  
at ng Anak, Amen.*

*Itataas ang bata at muling itutubog.  
at ng Espiritu Santo. Amen.*

*Ang Pari ay kukunin ang bata sa pabinyagan at ibibigay sa ninong at babalutin siya ng tuwalya. Pagkatapos ang Pari ay babasahin ang dasal ng “Banal na Kumpil”.*




*Pagkatapos binyagan ang bata, ang Pari ay ibabalik siya sa Ninong, huhugasan ang sarili niyang kamay sa tubig na nasa pabinyagan, at patutuyuin ito sa nakahandang tuwalya. Pagkatapos ay kukunin niya ang damit na panloob ng bata at babasbasan ito ng tanda ng krus, habang sinsabi ang:*

**Ang lingkod ng Diyos pangalan ay nabihisan na ng damit ng katuwiran: sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.**

*Ang panloob na damit ng bata ay isusuot na sa kanya, at siya ay babalutin sa tuyong tuwalya o kaya ay sa damit na ihinanda. Pagkatapos ang sumusunod ay babangitin:*

**Marapating nawa sa akin ang isang kasuotang liwanag, O ikaw mismo na nagsusuot ng liwanag parang damit: Cristo na aming Diyos, na sagana ng awa.**



## **Ang Sakramento ng Banal na Kumpil**

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

**Koro: Panginoon, maawa Ka.**

**Pari: Pinagpala Ka, O Panginoong Diyos na Makapangyarihan, Pinagmumulan ng lahat ng maiinam na bagay, Araw ng matuwid; Ikaw na nagbigay sa kanila na nasa kadiliman ng ilaw ng kaligtasan ng kaluluwa, sa pamamagitan ng pagpapakita ng iyong bugtong na Anak at aming Diyos. Ikaw na nagbigay sa amin, kahit na hindi kami karapat-dapat, ng mapagpalang paglilinis sa pamamagitan ng banal na tubig, at pagpapakabanal sa pamamagitan ng nagbibigay-buhay na Kumpil; Ikaw na**



**ngayon ay lubos na nagagalak na baguhin ang buhay ng Iyong (mga) lingkod na tumanggap ng kaliwanagan sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu Santo, at igawad sa kanya (kanila) ang pagpapatawad ng kasalanan, kusang-loob man o hindi.**

**Gawin mo rin, parehong Panginoon, mahabaging Hari ng lahat, na igawad ang patunay ng pagkakaloob ng Iyong banal, makapangyarihan, at karapat-dapat sambahing Espiritu Santo, at ang makilahok sa banal na katawan at mamahaling dugo ng Iyong si Cristo.**

**Papanatilihin siya (sila) sa Iyong kabanalan; kumpilan siya (sila) sa Pananampalatayang Orthodox, iligtas siya (sila) sa Masamang Isa at sa mga pakana nito. Panatilihin sa kalinisan at pagkamatapat ang kanyang (kanilang) kaluluwa sa pamamagitan ng taga-ligtas na takot sa Iyo, para siya (sila) ay kalugdan mo sa bawat gawa at salita niya (nila), at maging isang sanggol (anak) na tagapagmana ng Iyong Kaharian sa Langit.**

**Sapagkat Ikaw ang aming Diyos, ang Diyos na nagpapakita ng awa at nagliligtas; at kinikilala naming ang Iyong kaluwalhatian; sa Ama, sa Anak, at Espiritu Santo; ngayon at kailanman, at magapasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

*Pagkatapos ang Pari ay papahiran ang batang bagong binyag ng banal na Chrism habang ginagawa ang Tanda ng Santa Krus, sa **noo**, sa **mata**, sa **ilong**, sa **labi**, sa dalawang **tainga**, sa **dibdib**, sa dalawang **kamay**, sa dalawang **paa**, at sa pagitan ng dalawang **balikat**, sa tuwina ay sinasabi ang:*

**Pari: Ang patunay ng handog na Espiritu Santo.**

Ninong: patunay.

## **Ang Paghuhugas**

*Ang dasal sa paghuhugas ng bagong binyag na sanggol.*

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

Koro: Panginoon, maawa Ka.

**Pari: O Ikaw (kayo), na sa pamamagitan ng binyag, ay ginawaran ng kapatawaran ang mga kasalanan ng Iyong (mga) lingkod at binigyan siya (sila) ng bagong buhay; gawin Mo parehong Panginoon at Pinuno, palagiang malugod na tanglawan ang kanyang (kanilang) puso ng liwanag ng Iyong anyo. Panatilihing ang pananggalang niya (nila) sa pananalig ay hindi kayang buwagin ng kaaway. Panatilihing malinis at walang bahid-dungis ang kasuutang laban sa katiwalian, na sa pamamagitan Mo ay ipinagkaloob sa kanya (kanila), na hindi malalabag, sa pamamagitan ng pagpapala Mo, ang patunay ng Espiritu na nasa sa kanya (kanila); at magpakita ng awa sa kanya (kanila) at sa amin, sa pamamagitan ng iyong maraming habag.**

**Dahil banal at kapuri-puri ang Iyong kagalang-galang at maharlikang Pangalan: ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo; ngayon at kailan man, at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

**Pari: Sumasainyo ang kapayapaan.**

Koro: At sumaiyo ang espirito.

**Pari: Magsiyuko tayo ng ulo sa Panginoon.**

Koro: Sa Iyo , Panginoon.

**Pari: Siya (Sila) na inilagak sa Iyo, O Panginoon na aming Diyos, ay nagyuyuko rin ng ulo sa Iyo kasama namin. Panatilihin siyang (silang) isang mandirigma na hindi kayang gapiin sa bawat pagsugod ng mga gustong manira sa kanya (kanila) at sa amin; at sa pamamagitan ng Iyong marangal na korona ay gawin kaming palagiang nagwawagi hangang sa wakas.**

**Dahil sa Ikaw ay nagpapakita ng awa, at inililigtas kami, at kami ay kumikilala sa Iyong luwalhati; kasama ang Iyong Ama na galing sa walang hanggan, at ang Iyong Ganap-na-Banal, at mabuti, at nagbibigay-buhay na Espiritu Santo; ngayon at kailanman, at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.

*Ang Pari ay itutubog sa purong tubig ang isang espongha at wiwisikan ang sanggol, habang sinasabi ang:*

**Pari: Ikaw ay makatarungan. Ikaw ay naliwanagan. Ikaw ay banal. Ikaw ay nalinisan: sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.**

*Sa pamamagitan ng espongha, ang Pari ay huhugasan ang **mukha**, ang **ulo**, ang **dibdib** at iba pang bahagi ng katawan ng bata na napahiran ng langis ng Banal Chrism, at sasabihin:*

**Ikaw ay nabinyagan na. Ikaw ay naliwanagan na. Ikaw ay napahiran na ng banal na langis. Ikaw ay banal na. Ikaw ay nalinisan na: sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at Espiritu Santo. Amen.**

## **Ang Pagaalay ng Buhok (The Tonsure)**

**Pari: Manalangin tayo sa Panginoon.**

**Koro: Panginoon, maawa Ka.**

**Pari: O Pinuno, Panginoong aming Diyos, na pinarangalan ang tao sa sarili mong anyo, hinubog mo siya mula sa isang kaluluwa na mayroong katangiang magsalita at kaaya-ayang katawan, dahil ang katawan ay nagsisilbi sa kaluluwa; inilagay mo ang ulo sa itaas at nilagyan ito ng pangunahing bahagi ng kamalayan, na hindi naman nakakasagabal sa isa't isa; at tinakpan mo ng buhok ang ulo, upang hindi ito mapinsala sa mga pagbabagobago ng panahon; at pinagsugpong ang lahat ng bahagi ng akmang-akma, at kasama silang lahat, siya (sila) ay magbibigay ng pasasalamat sa Iyo, ang Dakilang Manlilikha.**

**Ikaw, parehong Panginoon, sa pamamagitan ng napili mong pamamaran, ang Apostol na si Pablo, ay binigyan kami ng kautusan na dapat lahat ng aming gagawin ay patungo sa Iyong kaluwalhatian; basbasan mo ngayon ang Iyong lingkod     pangalan     na pumarito upang ibigay ang kanyang unang alay na buhok na pinutol mula sa kanyang ulo, at gayon din ang kanyang Ninong (Ninang); at naisin mo na sila ay**

sumunod sa lahat ng iyong kautusan, at gawin ang mga bagay na kalugod-lugod sa iyong paningin.

Sapagkat para sa Iyo ang lahat ng kaluwalhatian, karangalan, at pagsamba; sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo; ngayon at kailanman, at magpasawalang-hanggan.

Koro: Amen.

*Ang Pari, sa pamamagitan ng maliit na gunting, ay puputol ng buhok sa ulo ng sanggol ng hugis ng krus, at sasabihin:*

**Pari: Ang lingkod ng Diyos, pangalan , ay nagupitan na; sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.**

Koro: Amen.

## **Unang Banal na Pakikinabang**

*Ang paglahok ng sanggol na bagong binyag sa Banal na Misterio.*

**Tungkol sa iyong Mahiwagang Hapunan, O Anak ng Diyos, tanggapin ako ngayon bilang isang makikinabang; dahil hindi ako magsasalita ng tungkol sa Misterio**

sa iyong mga kaaway, hindi rin kita hahagkan gaya ng ginawa ni Hudas; pero gaya ng magnanakaw ako ay mangungumpisal sa Iyo; Alalahanin Mo ako, O Panginoon sa iyong Kaharian.

*Ang Pari ay ibibigay ang Banal na Pakikinabang sa sanggol, at sasabihin:*


**Pari:** Ang lingkod ng Diyos, \_\_\_\_\_ *pangalan*, ay tumatangap ng pinakamamahal at lubos na banal na Katawan at Dugo ng ating Panginoon, at Diyos at Tagapagligtas na si JesuCristo; para sa ikagagaling ng kaluluwa at katawan at para sa buhay na walang hanggan. Amen.

#### PROCESSION

*Ang Pari kasama ang Ninong na maydala sa bata ay iikot sa palabinyagan ng tatlong ulit, dala ang insensaryo at magpapausok habang siya ay nagpapauna. Lahat ng naroroon ay kakantahin ang sumusunod ng tatlong ulit:*

**Bayan:** Kung ilan ang nabinyagan kay Cristo ay gayon din ang napapunta kay Cristo. Alleluia.





## **Ang Kalatas (Sulat)**

**Pari: Magsipaghanda!**

Mambabasa: Ang Panginoon ay ang aking ilaw at kaligtasan, sino pa ba ang dapat kong katakutan? Ang Panginoon ay ang lakas ng aking buhay, kanino pa ba ako dapat matakot?

**Pari: Karunungan!**

Mambabasa: Ang pagbasa ay mula sa sulat ni Apostol Pablo sa mga Taga-Roma. (6:3-11)

**Pari: Magsipaghanda!**

**Mambabasa: Mga kapatid, hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabinyagan kay Cristo Jesus ay nabinyagan sa kanyang kamatayan? Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay. Sapagkat kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayang katulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay. Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya. Alam nating si Cristo nang muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan dahil sa kasalanan; at ang buhay niya ngayon ay dahil sa Diyos. Kaya dapat din ninyong ituring ang inyong sarili bilang patay na sa kasalanan ngunit buhay naman dahil sa Diyos, sapagkat kayo'y nakipag-isa na kay Cristo Jesus.**

**Pari: Sumasaiyo ang kapayapaan, tagabasa.**

Koro: Alleluia, alleluia, alleluia.

## **Ang Ebanghelyo**

**Pari: Karunungan! Magsipaghanda!**  
**Pakinggan natin ang banal na**  
**Ebanghelyo. Sumasainyo ang**  
**kapayapaan.**

Koro: At sumaiyo ang espirito.

**Pari: Ang pagbasa mula sa Banal na**  
**Ebanghelyo ayon kay San Mateo. (28:16-**  
**20)**

Koro: Luwalhati sa Iyo, Panginoon, luwalhati sa  
Iyo.

**Pari: Magsipaghanda.**

**Nang panahong iyon, pumunta ang**  
**labing-isang alagad sa Galilea, sa bundok**  
**na sinabi sa kanila ni Jesus. Nang makita**  
**nila si Jesus, siya'y sinamba nila, subalit**  
**may ilan sa kanilang nag-alinlangan.**  
**Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila,**  
**"Ibinigay na sa akin ang lahat ng**  
**kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya't**

**habang kayo'y humahayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Binyagan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon."**

Koro: Luwalhati sa Iyo, Panginoon, luwalhati sa Iyo.



# Litanya

Ektenia

**Pari: Maawa sa amin, O Panginoon, ayon sa iyong dakilang kabutihan; kami ay nananalangin sa Iyo; pakinggan kami at kaawaan.**

Koro: Panginoon, maawa ka. *(tatlong ulit)*

**Pari: Minsan pa, kami ay nananalangin ng awa, buhay, kapayapaan, kalusugan, kaligtasan ng kaluluwa, at ang pagdalaw para sa bagong naliwanagan na (mga) lingkod ng Diyos,  pangalan , at ang kanyang Ninong,  pangalan , at ang kanyang mga magulang; at sa lahat ng naririto; at para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.**

Koro: Panginoon, maawa ka. *(tatlong ulit)*

**Pari: Dahil ikaw ay maawaing Diyos at nagmamahal sa sangkatauhan, at kami ay kumikilala sa kaluwalhatian Mo; sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo; ngayon at kailanman at magpasawalang-hanggan.**

Koro: Amen.



## **Pagpapauwi**

**Pari: Luwalhati sa Iyo, O Cristo na aming Diyos  
at  
aming pag-asa, luwalhati sa Iyo.**

Koro: Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu  
Santo; ngayon at kailanman, at  
magpasawalang-hanggan.


Panginoon, maawa Ka; Panginoon, maawa  
ka; Panginoon, maawa ka;

Ama, basbas, po.

**Pari: O Ikaw na tumanggap ng binyag sa Jordan para sa aming kaligtasan, Cristo na aming tunay na Diyos, sa pamamagitan ng panalangin ng iyong kalinis-linisang Ina, at lahat ng mga Banal, maawa ka sa amin at iligtas kami, dahil ikaw ay mabuti at nagmamahal sa sangkatauhan.**

**Sa pamamagitan ng panalangin ng ating banal na mga Ama sa pananampalataya, Panginoong JesuCristo na ating Diyos, maawa sa amin at iligtas kami.**

Koro: Amen.



**Antiochian Orthodox Archdiocese  
Of Australia and New Zealand and the  
Philippines**

**Philippine Mission- Deanery of the Holy  
Resurrection  
2013**